## Paano kapag pumunta ang ICE sa aking bahay?

**HUWAG:**

- HUWAG buksan ang pinto (huwag kahit konti).
- HUWAG pumayag na sila ay pumasok.

**DAPAT GAWIN:**

- Panatiliing nakasara ang pinto.
- Tumawag sa numero ng telepono ng iyong lokal na rapid response.
    - San Francisco: (415) 200-1548.
- Maaari mong hilingin sa ahente ng ICE na ipasok ang ano mang meron silang dokumento sa ilalim ng pinto. Kung hindi ito maaari, panatiliing nakasara ang pinto.
- Maaari kang mag-print ng mga kard na nagsasabi sa ICE na wala silang pahintulot na pumasok at hindi mo nais silang kausapin. (https://www.ilrc.org/red-cards)

**Importante**: Kahit na hindi mo makausap ang ICE (sa iyong bahay o sa iba pang lugar), **lagi kang may karapatan na manahimik**. Maaari mong sabihin: “I do not want to answer any questions.” (“Ayaw kong sumagot ng anumang mga tanong.”)

## Maaari bang pumasok ang ICE sa aking bahay?

Maaari lamang pumasok ang ICE sa inyong bahay kung:

Magbigay ka ng pahintulot.
**O**
May warrant sila na may pirma ng hukom.

Madalas, **walang warrant na may pirma ng hukom** ang mga ahente ng ICE, sa halip ay meron silang warrant na may pirma ng opisyal ng ICE. Maaari mong hilingin sa ahente ng ICE na ipasok ang ano mang meron silang dokumento sa ilalim ng pinto. Ngunit, maaari paring mahirap matukoy kung may tamang warrant ang ICE.

Maliban na lamang kung makumpirma mo na may warrant na may pirma ng hukom ang ICE, ang pinaka mainam na gawin ay panatiliing nakasara ang pinto.

Mahalagang alam ng lahat ng nakatira sa iyong bahay na dapat huwag pagbuksan ng pinto ang ICE. Kung meron mang mag bukas ng pinto, ituturing ng ICE na may pahintulot silang pumasok.

## Maaari bang papasukin ng aking landlord ang ICE sa aking bahay?

Hindi. Hindi maaaring legal na bigyan ng access ng iyong landlord ang ICE sa iyong bahay. Maliban na lamang kung magkasama kayong nakatira ng iyong landlord sa isang bahay.



# Karapatan ng mga Walang Dokumento o Undocumented na Nangungupahan sa California

ASIAN LAW CAUCUS

55 Columbus Avenue
San Francisco, CA 94111
(415) 896-1701

Ang layunin ng Asian Law Caucus ay magtaguyod, isulong at kumatawan ang mga legal at sibil na karapatan ng mga Komunidad na Asyano at mga taga Isla ng Pasipiko.

Ang impormasyong ibinigay dito ay pangkalahatan lamang. Hindi balak ng Asian Law Caucus na ang anumang nakasaad dito ay magtatatag ng relasyon ng abogado/kliyente sa mambabasa. Kung mayroon kang tanong tungkol sa iyong sitwasyon, maaari lamang na kumonsulta sa isang abogad.

## Pagpapaalis o Evictions

Ang batas ng estado ay nagbibigay ng batayang proteksyon sa mga nangungupahan na angkop maging ano man ang iyong status/ katayuan sa imigrasyon.

- **Hindi ka maaaring paalisin ng iyong landlord dahil sa iyong katayuan sa imigrasyon.** Maliban na lamang kung nakatira ka sa pabahay na may subsidy galing sa pederal na pamahalaan, hindi ka maaaring paalisin ng iyong landlord dahil sa iyong katayuan sa imigrasyon.

- **Ang “Self Help“ ay bawal.** Ilegal na palitan ang kandado o patayin ang mga kuryente at tubig ng iyong landlord upang mapalayas ang nangungupahan. Kung bantaan ka ng iyong landlord na gagamit ng “self Help“, huwag umalis. Maghanap ng legal na tulong.

- Ang pagpapaalis ay kinakailangang dumaan sa legal na proseso. Ang legal na pagpapaalis any nagsisimula sa isang nakasulat na abiso. Hindi ka maaaring paalisin ng iyong landlord sa pamamagitan ng isang text, email o usapan. Kung makatanggap ka ng nakasulat na abiso ng pagpapaalis, dapat kaagad kang maghanap ng legal na tulong.

- **Kaayusan para tirhan o habitability.** Ang mga landlord ay dapat na magbigay ng ligtas at matitirhan o “habitable” na pabahay. Halimbawa, may karapatan ka sa pagkakaroon ng init, gumaganang banyo at gripo, at sapat na proteksyon sa masamang panahon. Dapat walang mga daga sa iyong bahay.

## Paghihiganti o Retaliation

Labag sa batas na maghiganti sa iyo ang iyong landlord dahil sa paggamit mo ng iyong mga karapatan.

Mga halimbawa ng mga protektadong karapatan:

- Paghingi ng pagsasaayos ng mga sirang bagay o pagsumite ng reklamo sa isang pampublikong ahensya
- Pagsali sa asosasyon ng mga nangungupahan o tenant association
- Pagtanggi na magbigay ng impormasyon tunkol sa iyong katayuan sa imigrasyon

Ang Paghihiganti o Retaliation ay maaaring magmukang ganito:

- Pagbabanta o pagsubok na pagpapaalis
- Pagbabanta o pagsubok na taasan ang upa
- Pagtangging ayusin ang mga sira sa bahay
- Pagalis o pagbawas ng mga serbisyo
- Pagbabanta na isiwalat ang ang iyong katayuan sa imigrasyon
- Pagbabanta na isumbong ang iyong pamilya o mga kaibigan sa mga awtoridad ng imigrasyon

Ang paghigiganti ay ilegal. Kung naghihiganti ang iyong landlord sa iyo, may mga karapatan ka. Maghanap ng legal na tulong.

**Hindi ka gumagawa ng gulo sa paggamit ng iyong mga karapatan - pinagtatanggol mo ang iyong sarili, pamilya at ibang mga nangungupahan na tulad mo.**

## Pangangalaga sa Iyong mga Karapatan Bilang Nangungupahan

**Siguraduhing nakasulat ang lahat ng inyong mga request ng pagpapaayos.**

- Kapag nag-request ng pagpapaayos ng mga sirang bagay, **laging siguraduhing ito ay nakasulat.** Maari kang mag email, text o magpadala ng sulat. Kung magpapadala ng sulat, kuhanan ng litrato ang sulat bago ito ipadala upang ikaw ay may kopya.

**Magtago ng mga dokumento.**

- Magtago ng mga kopya ng kontrata sa pag upa o lease, mga request ng papapaayos ng mga sirang bagay, resibo sa upa at iba pang dokumento sa isang ligtas na lugar.

**Humingi ng tulong habang maaga.**

- Kung makatanggap ng papeles galing sa inyong landlord na hindi mo maintindihan, agad na humingi ng tulong. Sa California, ang proseso ng pagpapaalis o eviction ay mabilis. Kung hindi ka agad na humingi ng tulong, maaari kang matalo sa kaso.

## Get Help

Tumawag sa aming opisina ng Lunes hanggang Biyernes 9-5pm PT. (415) 896-1701.

Nagbibigay kami ng kumpidensiyal na impormasyong legal, tulong at referal para sa sa mga miyembro ng kumonidad na mabababa ang kita upang makatulong na maintidihan mo ang iyong mga karapatan.